# Kasarian at Kabuhayan: Ilang tala sa kasaysayang demograpikal ng paggawa at pasahod sa Pilipinas, 1903-1948*

FRANCIS A. GEALOGO

The paper describes the significance of gender issues in the discussion of the conditions of work during the first half of the twentieth century. Specifically, it discusses the changes in the conditions of gender-based participation in work and employment over the years. Issues such as wage differentials and gender bias in specific types of work are discussed in detail to give emphasis to the evolution of work and gender relations in the Philippines. The historical perspective is utilized by the author to provide an opportunity to look at work and gender as issues in the development of society's past. Utilizing historical demographic data, the article attempted to analyze the historical experience of Philippine society in the area of gender and work. Towards the end, the paper attempts to present an agenda for social historical research focusing on a more detailed analysis of gender and work in historical perspective.

## Panimula

Isa sa pangunahing isyu na kinakaharap ng mga pananaliksik hinggil sa ugnayang pangkasarian ay ang pagbibigay ng perspektibong makakasarian at pangkasaysayan sa kalagayan ng paggawa at pasahod. Makabuluhan ang ganitong usapin sapagkat dito ipinapakita ang kahalagahan ng kasarian sa pagtatakda ng kalagayan ng produksyon at reproduksyon sa isang lipunan. Matatamo ang pag-unawa sa pinag-ugatan ng kasalukuyang kalagayan sa pamamagitan ng pagpapalalim sa pag-unawa at pagsusuri ng ugnayang pangkasarian sa paggawa bilang karanasang pangkasaysayan.

* Ang papel na ito ay bahagi ng isang malawakang pag-aaral ukol sa kasaysayang demograpikal at kalagayan ng kababaihan

Ang pagsusuri sa usapin ng paggawa at pasahod ay may kritikal na kalagayan sa pagtingin ng ugnayang pangkasarian sa kasaysayan. Una, makikita ang mga nagaganap na kalagayan sa nakaraan ng lipunan sa larangan ng produksyon. Ang oryentasyon, tahakin, at katangian ng paggawa ay maaaring magsalamin ng mga partikular na kaayusan hindi lamang sa aktwal na kalagayang pamproduksyon kundi pati na rin ang mga gumagabay na istruktura dito. Ikalawa, ang mga pagbabago at transisyong nagaganap sa mahabang panahon na sinusuri ay makapagbibigay ng paliwanag sa iba-ibang aspekto ng panlipunang pagbabago kung saan ang paggawa at ugnayang pangkasarian ay makikita. Ang pagbabago at transisyong ito ay hindi kagyat na maiuugat kung itatakda kaagad sa kontemporaryong panahon ang pagsusuring panlipunan. Ikatlo, ang pangunahing epekto at implikasyon ng mga nagaganap na mga pangyayari at kalagayan ay mauunawaan sa larangang kagyat at malapit sa kabuhayan ng mga mamamayan. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa kalagayan ng mga manggagawa, makikita ang mga batayang kondisyong nagbibigay katangian sa kalagayan ng buong lipunan. Ang pagiging batayan ng kalagayan ng manggagawa ang nagpapahayag din ng kaugnayan ng produksyon at reproduksyong panlipunan. Hindi lamang ang ugnayan ng kasarian ang itinatakda sa pagsusuri ng mga kalagayan ng henerasyon ng mga manggagawa. Itinatakda rin ang pagpapanatili ng ilang mga kaayusang panlipunan na siyang gumagabay sa pag-iral ng mga uri at kasarian. Sa ganitong mga pamantayan, ang kahalagahan ng paggawa sa ugnayang pangkasarian ay nailalatag.

Ilang mga pag-aaral na kaugnay nito ang naisagawa na ng ilang mga historyador. Halimbawa, isang pag-aaral ang naisagawa na hinggil sa pagbabago ng mga kalagayang paggawa at propesyon bilang mga partikular na karanasan sa kalagayang kolonyal ng Pilipinas (Doeppers 1984). Isang makabuluhang pag-aaral din ang naisakatuparan hinggil sa ebolusyon ng ekonomiyang politikal sa Pilipinas na may partikular na pagdidiin sa paghahating pagkasarian ng paggawa (Eviota 1992).

Bukod sa dalawang nabanggit, maaari ding magturing ng ilang mga pag-aaral hinggil sa mga teoretikal at pandalumat na mga gawain ukol sa kasarian at paggawa. Kabilang na rito ang pagtingin sa mga nabubuong teorya hinggil sa gawain at kasanayan ng mga kababaihan sa paggawa (Sinclair 1991) at ang pagkabuo ng kalagayang paggawa ng mga kababaihan sa lumalaganap na pandaigdigang kabuhayan (Ward 1988). Mahalaga ring banggitin ang ilang mga pag-aaral tungkol sa mga kaisipan hinggil sa ugnayan ng kababaihan sa pamilya at istruktura ng kabuhayan (Stichter 1990) at ang kahalagahan ng teknolohiya sa paghahating pangkasarian ng mga gawain (Cockburn 1985). Ang lahat nito ay mga halimbawa at patunay ng yaman ng paksa sa larangan ng pananaliksik.

Sa pag-aaral na isinagawa, binigyan ng pagpapahalaga ang mga datos na nakalap mula sa mga naisagawang *Census* sa Pilipinas mula 1903 hanggang 1948. Hindi nangangahulugang ito lamang ang maaaring batis na pagkunan ng impormasyon na maaaring magamit sa pagsusuri. Ito ay pagpapahalaga lamang sa demograpikal na aspekto ng ugnayan ng paggawa at kasarian. Ang mga taon kung gayon ay itinakda ayon sa mga naisagawang apat na mga *Census*, at hindi regular na pagtingin sa taunang karanasan ng buong panahong nasasaklaw.

Ang pagkiling sa pagsusuri ng mga pagawaan ay nabigyan din ng ilang mga limitasyon. Halimbawa, para sa taong 1903, ang lahat lamang ng mga uri ng pagawaan na may humigit sa 500 manggagawa ang isinaalang-alang. Sa taong 1918 naman, lahat ng mga uri ng pagawaan na may humigit sa 1,000 manggagawa ang isinama sa pagsusuri. Sa panghuli, ang taong 1939 ay sumaklaw sa mga uri ng pagawaan na may humigit sa 5,000 manggagawa na kasangkot.

## Mga Batis at Pamamaraan sa Pag-aaral

Ang mga pangunahing batis na ginamit dito ay ang mga pangunahing *Census* na isinagawa sa unang hati ng kasalukuyang dantaon. Ang mga ito ay naglalaman hindi

lamang ng mga talaan ng mga populasyon kung hindi ang ilang mga panlipunan at pangkabuhayang datos din na nagsasalamin ng kalagayan ng lipunan. Kung isasaayos sa isang linyear na pagsusuri ang mga isinasaad ng mga *Census*, ang mga ito ay mainam na salalayan ng mga balangkas at tahakin bilang katangian ng mga karanasan.

May ilang limitasyon lamang ang paggamit ng mga ganitong talaan. Ang una ay ang kakulangan sa regular na pagkuha ng *Census* sa Pilipinas sa mga unang limang dekada ng kasalukuyang dantaon. Matapos ang unang *Census* ng 1903, ang sumunod na *Census* ay isinagawa ng pamahalaang kolonyal noong 1918, o may pagitan ng 15 taon. Pagkatapos nito, ang *Census* ay ginanap matapos ang 21 taon, noong 1939 at samantalang noong 1948 naman o matapos ang siyam na taon ang naging kasunod na mahalagang tala dito. Ang ganitong katangian ng batis ay isang malaking limitasyon sa pagtatakda ng pangunahing balangkas ng karanasan sa regular na pamamaraan.

Kahit na may mga ilang talaang maaaring pagbasehan ukol sa larangan ng paggawa, ang mga *Census* pa rin, sa pananaw ng may-akda, ang higit na makapagbibigay ng higit na kumprehensibong talaan ng paggawa sa pambansang saklaw nito. Isang malaking hamon sa mga mananaliksik ng kasaysayan ang bigyan ng pagtatasa ang naganap na di-pagkakatala ng mga makabuluhang gawain ng ilang mga sektor sa larangan ng paggawa. Ang kapuna-punang kaliitan ng pagkakasangkot ng mga kababaihan sa ilang gawain kagaya ng agrikultura ay maaaring bunga ng kakulangan ng pagtatala at hindi nagsasalamin ng aktwal na kalagayang pangkasaysayan. Sa mga nananaliksik sa agham panlipunan batay sa kontemporaryong kalagayan, ang ganitong suliranin sa pananaliksik ay maaaring matugunan sa pamamagitan ng paggamit ng iba pang mga metodo upang maihayag ang mga bagay na hindi naitatala sa mga talaan. Sa pag-aaral ng nakaraan ng lipunan, higit na mahirap ito sapagkat mahirap nang balikan ang pinagkunan ng mga datos. Bunga nito,

malaki ang pangangailangan ng pagsasanib ng ibang pamamaraang kalitatibo upang mabigyang kulay ang pagsusuring kantitatibo. Ito ay upang maihayag din ang hindi naihahayag ng mga datos ng nakaraan ng lipunan.

Bilang pangunahing pamamaraan, ang pangangalap ng mga datos mula sa iba't ibang *Census* ang ginamit bilang batis ang isinagawa. Ang pangunahing gawain dito ay ang pagtatakda ng katangian ng paghahambing para sa mga datos. Dahil sa magkakaiba-iba ang mga panahon ng pagkuha ng mga datos, ang pangangailangang makuha ang pinakakaraniwan sa mga katangian ng mga ito ay isa sa mga naituring na mahalagang gawain. Pagkatapos nito, ang pagsusuri ng mga datos sang-ayon sa balangkas at tahakin ng panahon ang siyang isinakatuparan. Sa ganitong pamamaraan, hindi lamang ang kalagayan ng isang partikular na panahon ang tinitingnan at sinusuri, makabuluhan din ang pagkakaugnay ng mga partikular na kalagayan sa pangkalahatang tahakin ng mga pangyayari. Kung gayun, ang kabuluhan ng isang bilang ay naitatakda kaugnay ng iba pang mga bilang. Batay sa mga ito, ang pangkalahatang pagsusuri at mga paglalahat ay maaari nang maihain.

Ang pagpapatuloy ng pananaliksik na ito ay kinakailangan upang maisakatuparan ang pagpapalalim ng pag-unawa sa ugnayang pangkasarian at paggawa. Ang pagtingin sa ibang panahong pangkasaysayan, pati na rin ang pagpapalawak ng saklaw upang maiangkop sa iba pang larangan ng paggawa ay kinakailangan upang maging ganap ang pag-unawa sa mga inihayag na mga katanungan.

## Pangkalahatang Kalagayan sa Paggawa

Batay sa mga naisagawang *Census* ng pamahalaan sa unang bahagi ng kasalukuyang dantaon, may ilang kapuna-punang kalagayan ang ugnayan ng kasarian sa kabuhayan. Ang una na rito ay ang makabuluhang bahagdan ng mga kababaihan sa mga naitalang mga hanapbuhay (Tingnan ang

**Talaan Blg. 1.** *Mga Manggagawang May Sahod sa Pilipinas ayon sa Industriya at Kasarian 1903, 1918, 1939 at 1948*

| | *Kabuuan* | *Lalaki* | *Babae* | *Bahagdan Babae* |
|---|---|---|---|---|
| ***Lahat ng gawain 1903*** | *6,987,686* | *3,496,652* | *3,491,034* | *49.96* |
| Agrikultura | 1,254,063 | 1,163,777 | 90,286 | 7.20 |
| Serbisyong propesyonal | 25,637 | 23,358 | 2,279 | 8.89 |
| Serbisyong pantahanan at personal | 571,955 | 431,388 | 140,567 | 24.58 |
| Kalakalan at transportasyon | 226,555 | 150,989 | 75,566 | 33.35 |
| Pagawaan | 959,670 | 243,081 | 716,589 | 74.67 |
| Walang pasahod, hindi naitala | 3,949,806 | 1,484,059 | 2,465,747 | 62.43 |
| ***Lahat ng gawain 1918*** | *6,441,150* | *3,224,596* | *3,216,554* | *49.94* |
| Agrikultura | 2,601,299 | 1,871,197 | 730,102 | 28.07 |
| Serbisyong propesyonal | 685,507 | 409,737 | 275,770 | 40.23 |
| Serbisyong pantahanan at personal | 1,853,804 | 518,103 | 1,335,701 | 72.05 |
| Kalakalan at transportasyon | 426,547 | 252,894 | 173,653 | 40.71 |
| Pagawaan | 865,698 | 168,999 | 696,699 | 80.48 |
| Hindi alam | 8,295 | 3,666 | 4,629 | 55.80 |
| ***Lahat ng gawain 1939*** | *8,466,493* | *4,219,278* | *4,247,215* | *50.16* |
| Agrikultura | 3,456,370 | 2,981,551 | 474,819 | 13.74 |
| Serbisyong pantahanan at personal | 3,478,084 | 123,508 | 3,354,576 | 96.45 |
| Serbisyong propesyonal | 103,415 | 65,438 | 37,977 | 36.72 |
| Iba pang serbisyo | 180,569 | 175,841 | 4,728 | 2.62 |
| Pangingisda at pangangaso | 26,820 | 24,903 | 1,917 | 7.15 |
| Pagmimina at pagtitibag | 47,109 | 46,625 | 394 | 0.84 |
| Pagawaan | 601,335 | 333,976 | 267,359 | 44.46 |
| Transportasyon at komunikasyon | 203,596 | 202,449 | 1,147 | 0.56 |
| Klerikal | 48,899 | 44,904 | 3,995 | 8.17 |
| Kalakalan | 270,766 | 171,099 | 99,667 | 36.81 |
| ***Lahat ng gawain 1948*** | *5,202,518* | *4,120,700* | *1,081,818* | *20.79* |
| Agrikultura,kagubatan at pangisdaan | 3,236,092 | 2,825,504 | 410,588 | 12.69 |
| Pagmimina at pagtitibag | 17,860 | 17,680 | 180 | 1.01 |
| Pagawaan | 452,603 | 245,919 | 206,684 | 45.67 |
| Konstruksyon | 133,411 | 133,361 | 50 | 0.04 |
| Transportasyon at komunikasyon | 134,863 | 132,940 | 1,923 | 1.43 |
| Kalakalan | 340,386 | 202,097 | 138,289 | 40.63 |
| Pamahalaan | 246,841 | 233,658 | 13,183 | 5.34 |
| Serbisyong personal | 376,770 | 146,296 | 230,474 | 61.17 |
| Serbisyong propesyonal | 158,775 | 92,022 | 66,753 | 42.04 |
| Serbisyong panlibangan | 12,567 | 10,857 | 1,710 | 13.61 |
| Gawaing hindi naiuri | 52,375 | 47,872 | 4,503 | 8.60 |
| Gawaing hindi naitala | 39,975 | 32,494 | 7,481 | 18.71 |

Talaan Blg. 1). Sa pangkabuuan, ang lahat ng mga tala ay nagsasaad na halos kalahati ng mga manggagawang naitala ay mga kababaihan. Palagiang ganito ang kalagayan sa kabuuan ng mga tala para sa lahat ng gawain, maliban na lamang sa taong matapos ang digmaan na biglang bumaba sa ikalimang bahagi lamang ng kabuuan ang bilang ng mga kababaihan. Mapupuna rin ang pagbaba at pagtaas ng partisipasyon ng mga manggagawang kababaihan sa iba-ibang larangan sa pagdaraan ng panahon.

Nangunguna ang sektor ng industriya at pagawaan sa pagpapakita ng palagiang makabuluhang bilang ng mga kababaihan sa paggawa. Sa naunang dalawang *Census* ng 1903 at 1918, pito at walo sa bawat sampung manggagawa sa pagawaan ay mga babae. Bumaba lamang ito sa ikaapat at ikalimang dekada ng kasalukuyang dantaon na may 44.46 (1939) at 45.56 (1948) bahagdan(%) ang partisipasyon ng mga kababaihan. Kahit na sa dalawang nahuling kaso, halos kalahati pa rin ng mga manggagawa ay mga kababaihan at sa kaso ng 1948, higit na mataas ito sa kabuuang bahagdan ng partisipasyon ng mga kababaihan sa mga pormal na gawain.

Ang sumunod na sektor na may mataas na bahagdan ng partisipasyon ng kababaihan ay ang sektor ng serbisyo. Sa mga ito, ang nangunguna ay ang sektor ng serbisyong personal. Mula sa sangkapat na bahagi ng kabuuang bilang ng mga manggagawa noong 1903, ang bilang ng mga kababaihan sa serbisyong personal ay tumaas sa 72% noong 1918, 96% noong 1939, at 61% noong 1948. Sa ganitong kalagayan, mapapansing anim hanggang siyam sa bawat sampung manggagawa ay mga babae.

Bagaman ang larangan ng serbisyong propesyonal ay pinangingibabawan pa rin ng bilang ng mga kalalakihan, mapupunang patuloy ang paglaki ng bahagdan ng mga babae sa pagdaraan ng panahon. Mula sa walong bahagdan lamang ng kabuuan ang babae noong 1903, biglang dumami ito sa 40% noong 1918; 36% noong 1939 at 42% noong 1948. Sa kabilang

banda, halos nanatili sa tatlo hanggang apat sa bawat sampung manggagawa ang kababaihan sa sektor ng kalakalan. Ang mga ito ay nasa bahagdan ng 33 noong 1903, 40 noong 1918, 37 noong 1939 at 40 noong 1948.

Ang isang kapuna-punang kalagayan ng mga tala hinggil sa kabuuang bahagdan ng mga kababaihan ay ang sektor ng agrikultura. Ayon sa mga tala, ang bahagdan ng kababaihan sa sektor na ito ay nanatiling mababa —7% noong 1903, 28% noong 1918, 14% noong 1939 at 13% noong 1948. Magkagayunaman, kailangang maging mapagbantay sa pagsasaalang-alang ang ilang limitasyon sa pagtatala ng pagkakasangkot ng mga kababaihan sa mga di-pormal na gawaing agrikultural (Eviota 1992). Maraming mga gawain sa agrikultura na kinasasangkutan ng mga kababaihan ang hindi naitatala at ang pagtatakda sa kabuuan ng gawaing agrikultural bilang pangkalahatang gawain ng mga lalaki ay maaaring magpakita ng pagkiling ng datos. Sa katunayan, ang buong proseso ng mga gawaing agrikultural ay kalimitang itinatala bilang gawain ng mga kalalakihan, kahit na ang makabuluhang bahagi ng mga prosesong pinagdaanan nito ay may malaking partisipasyon ang mga kababaihan. Maaaring pansinin na ang ilan dito ay posibleng nakabilang sa mga gawaing walang pasahod o mga gawaing hindi naitala o hindi naiuri - mga bagay na laging may makabuluhang bahagdan ng kababaihan.

Kapuna-puna rin sa mga tala ang pagkakaroon ng mga "panlalaking" gawain sa kasaysayan. Ang mga ito ay palagiang nagpapakita ng mababang bahagdan ng naitalang partisipasyon ng mga kababaihan. Sa ikaapat at ikalimang dekada ng kasalukuyang dantaon, ang mga ito ay ang pagmimina at pagtitibag, pangingisda at pangangaso, transportasyon, konstruksyon, at gawaing klerikal at pampamahalaan. Makabuluhang sa pagdaraan ng panahon, ang ilan sa mga ito ay magiging gawain ng mga kababaihan.

Sa pangkalahatan, mapupunang may makabuluhang partisipasyon ng mga kababaihan sa larangan ng pagawaan at

serbisyo. May mapapansin ding kakulangan sa pagtatala hinggil sa partisipasyon ng mga kababaihan sa ilang mahahalagang sektor kagaya ng agrikultura. Sa ibang larangan naman, ang mga kalalakihan ang tradisyonal na humaharap sa paggawa. Ang mga ito ay ang pagmimina, pagtitibag, transportasyon, konstruksyon, pangingisda, pangangaso at gawaing pampamahalaan. Bunga na rin ito marahil ng pagkakaroon ng tradisyonal na pananaw hinggil sa kung alin ang mga "panlalaki" at mga "pambabae" sa mga gawain. Mapupunang ang lahat ng mga gawaing nagpapahiwatig ng pagiging "panlalaki" ay nangangailangan ng pisikal na lakas o kakanyahan sa pamamahala. Sa ganitong pamamaraan, maaaring ipakita ang tradisyonal na pagtingin hinggil sa paghahati ng mga gawain sa aspekto ng kasarian. Ang implisitong pinapakahulugan nito ay ang pagkakaroon ng diskriminasyon sa larangan ng kasarian ayon sa kakanyahan ng mga indibidwal na isagawa ang mga gawain ayon sa kakanyahan at hindi ayon sa kasarian.

Batay sa mga nabanggit, maaari ding pansinin ang epekto ng pagsasakatuparan ng mga patakarang kolonyal hinggil sa edukasyon at serbisyo sibil. Kalimitang sinasabi na ang mga patakaran hinggil sa ganitong larangan ay nagbukas ng pagkakataon upang makasangkot ang nakararami sa mga mamamayan sa produktibong gawain. Subalit makikita sa mga datos na ang mga kalalakihan kaysa sa mga kababaihan ang higit na nakinabang. Sa pagtatapos ng pormal na kolonyalismong Amerikano, hindi pa rin makabuluhan ang naging bahagi ng mga kababaihan sa mga pormal na sektor na ito. Sa katunayan, ang pagkakaroon ng pagitan sa mga kalalakihan at kababaihan ay lalong lumawak sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano.

## Ugnayang Pangkasarian sa Pagawaan

Sa larangan ng mga industriya at pagawaan, ang mga pangunahing industriyang nakapagtala ng pinakamaraming

**Talaan Blg. 2.** *Pangunahing Pagawaan sa Pilipinas, ayon sa Industriya at Kasarian ng Manggagawa 1903, 1918 at 1939*

| | *Kabuuan* | *Lalaki* | *Babae* | *Bahagdan Babae* |
|---|---|---|---|---|
| **1903** | | | | |
| Tabako, sigarilyo | 10,126 | 5,201 | 4,925 | 48.64 |
| Pagawaan ng barko | 4,200 | 4,175 | 25 | 0.60 |
| Alak | 2,195 | 2,071 | 124 | 5.65 |
| Tinapay at produktong panaderya | 1,715 | 1,669 | 46 | 2.68 |
| Troso | 1,531 | 1,527 | 4 | 0.26 |
| Pandayan at paggawa ng makina | 1,248 | 1,248 | | 0.00 |
| Pag-imprenta at paglalathala | 1,023 | 936 | 87 | 8.50 |
| Ladrilyo at baldosa | 954 | 948 | 6 | 0.63 |
| Abaka | 935 | 773 | 162 | 17.33 |
| Asin | 841 | 804 | 37 | 4.40 |
| Pananamit | 798 | 641 | 157 | 19.67 |
| Karwahe | 745 | 743 | 2 | 0.27 |
| Lahat ng iba pang pagawaan | 681 | 310 | 371 | 54.48 |
| Botas at sapatos | 627 | 559 | 68 | 10.85 |
| Botas, sapatos at sinelas | 606 | 526 | 80 | 13.20 |
| Sombrero at sambalilo | 589 | 219 | 370 | 62.82 |
| Yelo | 574 | 494 | 80 | 13.94 |
| Tela, mula sa abaka, pina atbp. | 505 | 100 | 405 | 80.20 |
| **1918** | | | | |
| Sigarilyo | 14,567 | 6,976 | 7,591 | 52.11 |
| Palagarian | 5,608 | 5,602 | 6 | 0.11 |
| Pagawaan ng mantika | 4,169 | 4,080 | 89 | 2.13 |
| Panaderya at pagawaan ng cake | 3,223 | 3,104 | 119 | 3.69 |
| Sastre | 2,594 | 1,474 | 1,120 | 43.18 |
| Burdahan | 2,057 | 132 | 1,925 | 93.58 |
| Gas, kuryente at mga planta | 1,930 | 1,921 | 9 | 0.47 |
| Patuyuan ng kopra | 1,923 | 1,627 | 296 | 15.39 |
| Pagmimina ng ginto | 1,897 | 1,897 | | |
| Iba pang pagawaan | 1,837 | 1,668 | 169 | 9.20 |
| Asin | 1,814 | 1,676 | 138 | 7.61 |
| Pag-imprenta at gawaan ng aklat | 1,813 | 1,632 | 181 | 9.98 |
| Distilerya | 1,644 | 1,569 | 75 | 4.56 |
| Pagmimina ng karbon | 1,581 | 1,551 | 30 | 1.90 |
| Paggawa ng barko | 1,503 | 1,497 | 6 | 0.40 |
| Paggawa ng sinelas | 1,368 | 1,135 | 233 | 17.03 |
| Pandayan at paggawa ng makina | 1,322 | 1,322 | | |
| Paggawa ng abaka | 1,294 | 1,189 | 105 | 8.11 |
| Paggawa ng sapatos | 1,079 | 924 | 155 | 14.37 |
| Patuyuan ng hipon at isda | 1,076 | 866 | 210 | 19.52 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **1939** | | | | |
| Pagbuburda at pananahi | 113,810 | 2,630 | 111,180 | 97.69 |
| Karpintero | 76,465 | 76,457 | 8 | 0.01 |
| Paggawa ng katutubong tela | 55,834 | 1,047 | 54,787 | 98.12 |
| Hindi naitalang industriya | 51,504 | 48,300 | 3,204 | 6.22 |
| Paggawa ng banig | 27,318 | 1,120 | 26,198 | 95.90 |
| Sastre at paggawa ng kurbata | 23,723 | 15,729 | 7,994 | 33.70 |
| Paggawa ng sumbrero | 23,296 | 2,848 | 20,448 | 87.77 |
| Kabyawan | 22,044 | 21,762 | 282 | 1.28 |
| Palagarian | 21,785 | 21,747 | 38 | 0.17 |
| Paggawa ng sapatos at sinelas | 20,271 | 14,523 | 5,748 | 28.36 |
| Iba pang pagawaan | 12,281 | 7,111 | 5,170 | 42.10 |
| Paggawa ng nipa | 11,058 | 5,311 | 5,747 | 51.97 |
| Paggawa ng sigarilyo | 11,027 | 5,272 | 5,755 | 52.19 |
| Panaderya | 10,374 | 9,509 | 865 | 8.34 |
| Bigasan at kiskisan | 9,249 | 7,971 | 1,278 | 13.82 |
| Pagkumpuni ng awto | 7,126 | 7,116 | 10 | 0.14 |
| Pagpapanday | 6,892 | 6,890 | 2 | 0.03 |
| Luwad, ladrilyo, baldosa at palayok | 6,733 | 2,307 | 4,426 | 65.74 |
| Paggawa ng barko | 6,226 | 6,197 | 29 | 0.47 |
| Konstruksyon | 6,128 | 6,122 | 6 | 0.10 |
| Tagapinta | 6,118 | 6,093 | 25 | 0.41 |
| Paggawa ng kawayan | 5,274 | 2,746 | 2,528 | 47.93 |

bilang ng mga manggagawa ay nagpapakita rin ng ilang mga partikular na kalagayan hinggil sa ugnayang pangkasarian at paggawa. Mapapansin sa Talaang Blg. 2 na may ilang mga uri ng pagawaan na nangunguna sa palagiang pagtatala ng maraming bilang ng mga manggagawang babae samantalang mayroon namang mga uri ng mga gawain na palagiang may pagkiling sa paggamit ng mga manggagawang lalaki.

Isa sa pangunahin sa mga pagawaang may makabuluhang bilang ng mga kababaihang manggagawa ay sa mga pagawaan ng sigarilyo at tabako. Sa tatlong *Census* na ginamit, kalahati sa kabuuang bilang ng mga manggagawa ay mga kababaihan. Ang mga pagawaang ito ay nagtala ng bilang ng kababaihan ng 49% noong 1903 at 52% noong 1918 at 1939. Nangangahulugan na sa mahabang panahon, halos hindi nagbago ang ugnayang

pambilang ng kasarian ng mga manggagawa sa pagawaan ng tabako at sigarilyo.

Bukod sa pagawaan ng tabako at sigarilyo, makabuluhan din ang partisipasyon ng mga kababaihan sa mga industriya at pagawaan kaugnay ng pananamit at tela. Halimbawa, walo sa bawat sampung manggagawa ng katutubong tela noong 1903 ay mga babae samantalang 98% naman ng mga manggagawa sa nabanggit na industriya noong 1939 ay mga kababaihan. Siyam sa bawat sampung manggagawa ng mga burdahan noong 1918 ay mga babae samantalang halos 98% naman ng mga manggagawa ng nasabing industriya noong 1939 ay mga kababaihan. Noong 1918, 43% ng lahat ng mga sastre ay mga babae, samantalang 33% naman noong 1939 ang babae sa mga manggagawa ng nasabing industriya. Ang mga pagawaan naman ng sombrero at sambalilo ay nakapagtala din ng makabuluhang bilang ng mga kababaihang manggagawa. Mayroong 63% ng kabuuang bilang ng mga manggagawa sa industriyang ito noong 1903 ang mga babae samantalang 88% naman noong 1939. Noong 1903, lumampas sa 10% ng mga manggagawa ng sapatos, sinelas at botas ang mga babae; noong 1918, ito ay humigit kumulang 15% na at noong 1939, ang kababaihan sa industriya ng sapatos at sinelas ay umabot na ng 28%.

Bukod sa mga nabanggit, may ilang mga katutubong industriya din na nagpapakita ng makabuluhang bilang ng mga kababaihan. Ang ilan sa mga halimbawa nito ay naitala noong 1939. Halimbawa, ang pagawaan ng mga produkto ng kawayan ay mayroong 48% ng manggagawa ang babae, 66% sa mga pagawaan ng palayok, luwad, at kaugnay na produkto, at 52% sa mga pagawaan ng nipa. Bukod dito, halos lahat (96%) ng mga manggagawang gumagawa ng banig ay mga kababaihan. Ang mga ito ay nagpapakita na ang mga katutubong mga industriya ay kalimitang isinasakatuparan ng mga kababaihan sa Pilipinas.

Bagaman maliit ang bahagdan ng mga babaeng manggagawa sa ilang mga pagawaan, masasabing makabuluhan

pa rin ang kanilang bilang sa mga ito. Halimbawa, sa *Census* ng 1903, 124 kababaihan sa kabuuang 2195 (5.65%) ang nagtatrabaho sa pagawaan ng alak. Noong 1918, 15% ng mga manggagawa sa patuyuan ng kopra at halos 20% sa patuyuan ng hipon at isda ang kababaihan. Ang bahagdan ng babaeng manggagawa sa pagawaan ng abaka ay 17.33 noong 1903 samantalang 8.11% naman ng mga manggagawa noong 1918 ay mga babae. Noong 1939 naman, 14% ng mga manggagawa ng mga bigasan at kiskisan ay mga babae. Ang lahat ng ito ay may kaugnayan sa mga gawain sa bukirin at pangisdaan at ang pagpoproseso ng mga produktong makukuha dito. Sa ganitong usapin, masasabing makabuluhan din ang partisipasyon ng mga kababaihan sa ganitong larangan.

Gayunpaman, ang mga datos ay nagpapakita rin ng pagkakaroon ng pangingibabaw ng bilang ng mga kalalakihan sa ilang mga partikular na industriya. Halimbawa, ayon sa *Census* ng 1903, halos lahat ng mga manggagawa sa pagawaan ng barko, troso, mga pandayan at pagawaan ng makina, pagawaan ng ladrilyo at baldosa at pagawaan ng mga karwahe ay mga kalalakihan. Noon namang 1918, ang mga palagarian, ang mga planta ng gas at kuryente, ang mga minahan ng ginto; at pagawaan ng barko ay halos mga manggagawang kalalakihan ang naitalang manggagawa. Sa kaso naman ng taong 1939, ang mga karpintero, panday, mekaniko ng awto, tagapinta, ang mga manggagawa ng kabyawan, palagarian, pagawaan ng barko, at sektor ng konstruksyon ay pawang mga kalalakihan.

Kapuna-puna rin na nangingibabaw ang bilang ng mga kalalakihan sa mga panaderya, pagawaan ng yelo, pag-iimprenta, pagawaan ng mantika at distilerya sa mga taong nakapagtala ang mga ito ng makabuluhang bilang ng mga manggagawa. Sa kabuuan, mapapansing makabuluhan ang partisipasyon ng mga kababaihan sa larangan ng pananamit, paggawa ng sombrero, sapatos at kurbata at sa pagawaan ng sigarilyo. Ang mga ito ay tradisyonal na ginagawa ng mga kababaihan. Makabuluhan din ang bilang ng mga kababaihan sa

larangan ng paggawa ng mga produktong agrikultural at pangisdaan kagaya ng pagpoproseso ng abaka, kopra, nipa, banig, kawayan at pinatuyong isda at hipon. Ang ganitong larangan ang nagpapatunay na malaki ang papel na kanilang ginampanan sa pagsasakatuparan ng pagpoproseso ng produksyon sa agrikultura at pangisdaan.

Ang mga kalalakihan naman ay nanatiling higit na nakararami sa mga naitalang mga manggagawa sa pangkabuuan. Sa partikular, dominante ang bilang ng mga kalalakihan sa mga pagawaan ng barko, konstruksyon, minahan, pandayan, paggawa at pagkukumpuni ng awto at karwahe, at ang mga trosohan at lagarian. Ang mga ito ay halos eksklusibong pinanghahawakan ng mga kalalakihan.

Kung tutuusin, ang pamamahalang kolonyal ng mga Amerikano sa Pilipinas ay nagpatatag pa ng kalagayan ng pagiging eksklusibo ng ilang mga larangang paggawa na nakabatay sa kasarian. Ang pagkakaroon ng paghihiwalay na ito ay nagbunga ng pagtingin ng kakanyahan sa paggawa na nakabatay sa kasarian. Sa pangkalahatan, ang panahon ng pananakop ng mga Amerikano ay nagpatingkad sa diskriminasyong pangkasarian na makikita sa larangan ng paggawa. Lumalaki man ang kabuuang bilang ng mga kababaihan sa ilang mga sektor ng pagawaan, ito ay mahihinuhang bunga na rin ng ilang ideyolohikal na pamantayan sa paggawa na nagpapakitang ang ilang mga gawain ay kinakailangang may paghihiwalay ng mga kasarian upang maisakatuparan nang maayos.

## Ugnayang Pangkasarian at ang Usapin ng Pasahod

Bukod sa absolutong bilang ng mga manggagawa sa pagawaan, makikita rin ang kalagayan ng mga kasarian at ang ugnayan ng mga ito sa larangan ng pasahod. Hindi nangangahulugang nakararami ang mga kababaihan sa ilang mga sektor sa pagawaan ay nakauungos na ang kanilang kalagayan sa paggawa. Sa katunayan, sa maraming

pagkakataon, ang dami ng kanilang bilang ay nangangahulugan din ng higit na mababang pangkalahatang pasahod na kanilang tinatanggap, kung ihahambing sa mga kalalakihan.

Sa usapin ng pasahod, makikita ang ugnayan ng kasarian hindi lamang sa pagtingin sa kaibahan ng mga tinatanggap na pasahod ng mga kalalakihan sa mga kababaihan. Higit na makikita ang kaibahan ng kanilang tinatanggap kung titingnan ang sahod na tinatanggap ng mga babae bilang bahagdan ng kabuuang sahod na tinatanggap ng mga kalalakihan. Sa ganitong pamamaraan, ang pagtingin sa epekto ng kolonyalismong Amerikano hinggil sa mga ugnayang pangkasarian ng mga manggagawa ay higit na mapatitingkad.

Ang isang klasikal na halimbawa nito ay ang mga manggagawa sa mga pagawaan ng sigarilyo at tabako. Kahit na lumaki at naging palagian ang bilang ng mga manggagawang babae sa sektor na ito, mapupunang lumiliit ang kanilang pasahod, kung ihahambing sa mga kalalakihan. Noong 1903, ang buwanang pasahod ng mga kababaihan ay 79.5% lamang ng buwanang sahod na karaniwang tinatanggap ng mga kalalakihan. Bumaba ito sa 61% noong 1918 at bumagsak sa 46.67% noong 1939. Nangangahulugan na habang palagian ang pagdami ng bilang ng mga manggagawang babae sa sektor na ito, ang absolutong pasahod na kanilang natatanggap kaugnay ng natatanggap ng mga kalalakihan ay bumababa sa katunayan.

Ganito rin ang pangkalahatang kalagayan sa larangan ng paggawa sa pananamit. Halimbawa, ang mambuburdang babae noong 1918 ay nakatatanggap ng 73% lamang ng pasahod na natatanggap ng katapat niyang lalaki at bumaba pa ito sa 53% noong 1939. Sa pagawaan ng sombrero, 69% lamang ng sahod ng mga lalaki ang katumbas na natatanggap ng mga babae noong 1918. Magkagayunman, bumaba pa ito sa 32% na lamang ng katumbas na sahod ng kalalakihan noong 1939. Ang mga sastreng babae ay tumanggap lamang ng 63% ng katumbas na sahod ng mga lalaking sastre noong 1918 subalit ito ay bumaba pa sa 48% pagdating ng 1939.

Ganoon din ang naging karanasan ng mga tradisyonal na pagawaan. Sa mga pagawaan ng asin halimbawa, ang sahod ng mga kababaihan ay katumbas ng 60% lamang ng sahod ng mga kalalakihan noong 1903 at bumaba pa ito sa 37% noong 1918. Ang mga kababaihang manggagawa ng abaka noong 1903 ay tumatanggap lamang ng katumbas na 53% ng sahod ng mga kalalakihan at ito ay bumaba pa sa 40% noong 1918.

Mayroon din namang mga pagawaan na umangat ang katumbas na natatanggap ng mga kababaihan kung ihahambing sa mga kalalakihan sa pagdaraan ng panahon. Ang ilang halimbawa nito ay ang mga panaderya (mula 63% ng katumbas ng sahod ng kalalakihan noong 1903 tungo sa 66% noong 1918) at pagawaan ng sapatos (mula 45% noong 1903, 80% noong 1918; at 78% noong 1939). Magkagayunman, hindi pa rin nakapapantay ito sa kabuuang katumbas na tinatanggap ng mga kalalakihan sa parehong gawain. Higit na nakaaangat pa rin ang sahod na tinatanggap ng mga kalalakihan mula 20 hanggang 40%.

Sa halos lahat ng panahon, ang sahod ng mga kababaihan ay ilang bahagdan lamang ng kabuuang sahod ng mga kalalakihan. Noong 1903 halimbawa, halos katumbas sa ikaapat hanggang ikalimang bahagi lamang ng sahod ng mga kalalakihan ang tinatanggap ng mga kababaihan sa mga pagawaan ng alak, yelo at sa mga imprenta. Kulang sa kalahati ang katumbas na tinatanggap ng mga babae sa pagawaan ng botas at sapatos at sa mga trosohan samantalang lampas lamang ng kaunti sa kalahati ang katumbas na tinatanggap ng mga kababaihan sa pagawaan ng asin, abaka, ladrilyo at baldosa, gayundin sa pagawaan ng barko.

Noong 1918, halos ikatlong bahagi lamang ng sahod ng mga kalalakihan ang natatanggap ng mga babae sa mga pagawaan ng mantika, asin at abaka. Halos kalahati lang ng katumbas na sahod ng mga lalaki ang natatanggap ng mga babae sa mga patuyuan ng hipon at isda at pagawaan ng sinelas. Humigit-kumulang 60% lamang ng katumbas ng sahod

ng mga lalaki ang natatanggap ng mga babaeng manggagawa sa pagawaan ng sigarilyo, tinapay, patuyuan ng kopra at mga imprenta.

Noong 1939, halos ikatlong bahagi lamang ng sahod ng mga kalalakihan ang natatanggap ng mga babae sa mga pagawaan ng sombrero, ikalimang bahagi sa mga pagawaan ng luwad, baldosa, ladrilyo at palayok at humigit kumulang 50 hanggang 60% ng sahod ng mga kalalakihan ang natatanggap ng mga babae sa paggawa ng kawayan, pagbuburda at pananahi, paggawa ng banig, paggawa ng nipa at mga panaderya.

Sa dalawang *Census* ng 1918 at 1939, may ilang mga industriya na kakikitaan ng kapantay, kung hindi man higit na malaking pasahod sa mga babae kaysa sa mga lalaki. Ito ay ang mga planta ng gas at kuryente at pagmimina ng karbon noong 1918, palagarian at pagawaan ng barko noong 1939. Subalit kung susuriin ang mga gawaing ito, mapupunang napakakaunti ng bilang ng mga kababaihang kasangkot sa mga gawaing ito kung kayat hindi na masasabing makabuluhan ang kalamangang kanilang naranasan bilang pangkalahatan.

Ang usapin ng pasahod ay nagpapakita ng di-pagkakapantay sa ugnayang pangkasarian sa larangan ng paggawa. Sa pangkalahatan, ilang bahagdan lamang ng katumbas na sahod ng mga kalalakihan ang tinatanggap ng mga kababaihan. Ito ay mapupuna kahit na sa mga pagawaan na nakaranas ng ibayong pagdami ng bilang ng mga mangagawang babae. Sa katunayan, sa ilang mga industriya, ang pagdami ng bilang ng mga kababaihan ay kinakitaan din ng pagbaba ng kanilang sahod na natatanggap kung ihahambing sa katumbas na sahod na natatanggap ng mga lalaki.

Mababanggit na sa panahong tinatalakay, ang kapuna-punang paglawak ng partisipasyon ng mga kababaihan sa larangan ng paggawa ay nagbunga pa rin ng pananatili ng higit na mababang kalagayan kung ihahambing sa mga kalalakihan. Ang pasahod sa mga kababaihang manggagawa ay nananatiling

ilang bahagdan lamang ng sahod ng mga kalalakihan. Mapupuna ito sa halos lahat ng mga industriya - sa mga gawaing tradisyonal man na ipinapakitang bahagi ng mga gawain ng mga kababaihan o sa mga gawaing itinuturing na eksklusibong gawain ng mga kalalakihan.

## Paglalagom: Kasarian at Kabuhayan sa Kasaysayan

Batay sa mga nabanggit na pagtalakay, ilang paglalahat ang maaaring isakatuparan. Ang una ay ang kapuna-punang makabuluhang bilang ng mga kababaihan na kasangkot sa larangan ng paggawa. Sa unang limang dekada ng kasalukuyang dantaon, ang naitalang bilang ng mga kababaihan ay makabuluhan sa maraming larangan. Hindi na maikakaila ang kanilang partisipasyon sa iba-ibang larangan ng kabuhayan.

Gayunpaman, may kapuna-punang paghihiwalay ng gawain na nakabatay sa kasarian ang nanatili, kung hindi man pinalakas ng pagdaraan ng panahon. Ang ilang mga gawain ay naging eksklusibo sa mga kababaihan at kalalakihan. Ito marahil ay bunga na rin ng mga nangingibabaw na mga pananaw hinggil sa kakanyahan at kasanayan na ikinakawing sa kasarian ng kalinangan ng lipunan. Hindi masusukat ng anumang kantitatibong pamamaraan ang pamamayani ng ganitong uri ng ideyolohiya ng paggawa at ugnayang pangkasarian, subalit ang mga datos ay nagpapakita ng pagkakaroon ng ganitong hayag na katangian.

Isa pang mahalagang bagay na maaaring ihain bilang paglalagom ay ang epekto ng kaayusang kolonyal sa larangan ng paggawa at kasarian. Mapapansing ang kolonyalismong Amerikano ay ipinakilala bilang tagapagbukas ng mga oportunidad sa mga mamamayan hinggil sa maramihang kalakalan at paggawa. Ang kapuna-punang naging epekto ng "pagbubukas" na naganap ay ang pagpapatatag ng paghihiwalay ng mga kasarian sa mga partikular at ispesipikong gawaing pang-industriyal. Bunga nito, ang pagkakaroon ng mga gawaing panlalaki at pambabae lamang ay naging malawakan.

## Sanggunian

Cockburn, Cynthia

1985 *Machinery of Dominance.* London: Pluto Press.

Commonwealth of the Philippines. Bureau of the Census

1939 *Census of the Philippine Islands.* Manila: Bureau of Printing.

Doeppers, Daniel

1984 *Manila: 1900-1941.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Eviota, Elizabeth Uy

1992 *The Political Economy of Gender.* Manila: Institute for Women's Studies.

P.I. Bureau of Census

1918 *Census of the Philippine Islands.* Manila: Bureau of Printing.

R.P. Bureau of Census

1948 *Census of the Philippine Islands.* Manila: Bureau of Printing.

Sinclair, M. Thea

1991 "Women, Work and Skill: Economic Theories and Feminist Perspectives." In N. Redclift and M. T. Sinclair (eds.), *Working Women.* London: Routledge.

Stichter, Sharon

1990 "Women, Employment and the Family: Current Debates." In S. Stichter and J. Parpart (eds.), *Women, Employment and the Family in the International Division of Labour.* London: Macmillan Press, pp. 11-71.

U.S. Bureau of Census

1905 *Census of the Philippine Islands.* Washington: Government Printing Office.

Ward, Kathryn

1988 "Women in The Global Economy." *Women and Work,* Vol. 3, pp. 17-48.



Kababaihan sa isang pabrika ng tabako